

2026 Volume 1
Issue 1

PINAS
G a z e t t e

Ang Huling Tagapagsalaysay: Kapag Ang Katutubong Wika ay Unti-Unting Kumukupas

Lizabeth G. Ringor

*Zamboanga Peninsula Polytechnic State University, R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City
7000*

Corresponding email: lringor@zppsuh.edu.ph


May mga kuwentong hindi nakasulat sa aklat. Nakatago ang mga ito sa mga salitang ginagamit ng matatanda, sa mga pangalan ng halaman at ilog, sa mga awit, panalangin, ritwal, biro, at kuwentong paulit-ulit na ipinapasa mula sa isang salinlahi patungo sa susunod. Kapag unti-unting nawawala ang isang katutubong wika, hindi lamang mga salita ang nawawala. Kasama nitong nanganganib mawala ang mga paraan ng pag-unawa sa kasaysayan, kalikasan, kultura, at pagkakakilanlan ng isang pamayanan.

Sa Pilipinas, mahalaga ang usaping ito dahil sa malawak na pagkakaiba-iba ng ating mga wika. Gayunman, hindi pantay ang kalagayan ng mga ito. Ang dominanteng paggamit ng Filipino at English, kasama ng mga wikang rehiyonal, ay maaaring magdulot ng pagbabago sa paggamit ng mas maliliit na katutubong wika. Ipinakita nina Zeng at Li (2023) na ang kasaysayan ng language policy sa Pilipinas ay may kasamang mga ideolohiyang nagbigay ng mas malaking puwang sa ilang wika kaysa sa iba. Dahil dito, ang linguistic diversity ay patuloy na nahaharap sa hamon ng language shift at marginalization.

Makikita ang epekto nito sa loob mismo ng mga pamayanan. Sa pag-aaral ni Parba (2018) tungkol sa mother tongue classrooms sa Pilipinas, ipinakitang nananatiling malakas ang impluwensiya ng English kahit na ipinatupad ang Mother Tongue-Based Multilingual Education. Ipinakita rin ng pag-aaral na ang mga guro ay unti-unting nakilala ang halaga ng paggamit ng mother tongue, ngunit nananatiling hamon ang mga ideolohiyang nag-uugnay sa English sa mas magandang oportunidad sa buhay. Kapag ang isang wika ay nakikitang walang sapat na halaga sa edukasyon, trabaho, o modernong pamumuhay, maaaring piliin ng mga magulang na huwag na itong ituro sa kanilang mga anak.

Hindi nangangahulugan na ang pagbabago ng wika ay palaging masama. Ang multilingualism ay natural at maaaring magbigay ng maraming oportunidad. Ngunit nagiging mapanganib ang pagbabago kapag ang isang wika ay hindi na naipapasa sa susunod na henerasyon. Sa pag-aaral nina Pelila at Ayao-ao (2025) sa Kankanaey ng Mankayan, Benguet, nakita ang mga pagbabagong dulot ng code-switching, linguistic discrimination, at language dominance. Ang ilang tradisyonal na salita ay unti-unting nagiging archaic. Ipinapakita nito na maaaring manatiling ginagamit ang isang wika ngunit unti-unting mabawasan ang lawak at lalim ng bokabularyong nag-uugnay dito sa tradisyonal na pamumuhay.

Maging ang migration ay maaaring magbago sa relasyon ng isang pamayanan sa sariling wika. Sa pag-aaral nina Lesho at Sippola (2025) tungkol sa Cavite Chabacano, ipinakitang ang migration at translocal identities ay maaaring baguhin ang kahulugan ng isang wika para sa mga tagapagsalita nito. Ang Chabacano ay maaaring maging simbolo ng nostalgia, authenticity, at lokal na pagkakakilanlan habang nagbabago ang aktuwal na paggamit nito. Ipinapaalala nito na ang pagkawala ng isang wika ay hindi



simpleng kuwento ng “luma” laban sa “bago”, ito ay kuwento ng mga taong kailangang mag-adjust sa nagbabagong mundo.

Mas nagiging komplikado ang usapin kapag mismong mga patakarán sa edukasyon ay nagbabago. Metila, D’Agostino, at Iwasaki (2025) ay nagpakitang ang Mother Tongue-Based Multilingual Education policy sa Pilipinas ay nakaranas ng paghina ng political priority dahil sa implementation difficulties, kakulangan ng suporta, pagbabago ng leadership, at kompetisyon mula sa English. Ipinapakita nito na ang pagpapanatili ng wika ay hindi maaaring iasa lamang sa mga pamilya o matatandang tagapagsalita. Kailangan nito ng matatag na suporta mula sa paaralan, pamahalaan, komunidad, at mga institusyong pangkultura.

Sa huli, ang “huling tagapagsalaysay” ay hindi kailangang maging literal na isang taong naghihintay na mawala ang kaniyang wika. Maaari siyang maging isang guro na nagtuturo ng katutubong salita, isang lolo o lola na nagkukuwento sa apo, isang kabataang gumagawa ng digital content sa sariling wika, o isang komunidad na pinipiling ipagpatuloy ang paggamit nito. Ang bawat taong nagsasalita, nagtuturo, nagsusulat, at nakikinig ay nagiging bahagi ng pagpapatuloy ng wika.

Ang pagpapanatili ng katutubong wika, kung gayon, ay hindi simpleng pagbabalik sa nakaraan. Ito ay pagtiyak na may lugar ang mga tinig ng ating mga ninuno sa hinaharap. Kapag buhay ang wika, patuloy ding may nagsasalaysay ng kuwento ng isang pamayanan.

References

- Metila, R. A., D’Agostino, T. J., & Iwasaki, E. (2025). Why the Philippines reversed its mother-tongue instruction policy: Tracing the erosion of political priority for first language-based education in the Philippines. *International Journal of Educational Development*, 118, 103408. <https://doi.org/10.1016/j.ijedudev.2025.103408>
- Parba, J. (2018). Teachers’ shifting language ideologies and teaching practices in Philippine mother tongue classrooms. *Linguistics and Education*, 47, 27–35. <https://doi.org/10.1016/j.linged.2018.07.005>
- Pelila, J. R. O., & Ayao-ao, S. L. (2025). Assessing archaism in Philippine Indigenous languages: The case of Kankanaey as spoken in Mankayan, Benguet, Philippines. *AlterNative: An International Journal of Indigenous Peoples*, 21(1), 54–63. <https://doi.org/10.1177/11771801241309727>
- Lesho, M., & Sippola, E. (2025). Creole identity, transnational migration, and language endangerment in a Philippine context. *Journal of Pidgin and Creole Languages*. <https://doi.org/10.1075/jpcl.24029.les>
- Zeng, J., & Li, X. (2023). Ideologies underlying language policy and planning in the Philippines. *Humanities and Social Sciences Communications*, 10, 405. <https://doi.org/10.1057/s41599-023-01911-8>.

ARTICLE DETAILS

PG-0000015; Received: January 11, 2026; Accepted: January 13, 2026; Published: January 15, 2026

CITATION:

Ringor, L. G. (2026). *Ang Huling Tagapagsalaysay: Kapag Ang Katutubong Wika ay Unti-Unting Kumukupas*. *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry*. DOI: 10.64591/4sv0t089

COPYRIGHT

Copyright © 2026 by author(s). *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry* is published by Harness Mind Publishing. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.